**Steve Kamper**
Minister for Small Business
Minister for Lands and Property
Minister for Multiculturalism
Minister for Sport

# Pampublikong Pahayag
# Pinatunayan ng mga refugee at mga komunidad na mas malakas tayo kung magkakasama

**Martes, ika-20 ng Hunyo 2023**

Ang Pamahalaang NSW ay nananawagan sa mga organisasyon ng komunidad na mag-aplay para sa Multicultural NSW Stronger Together Project Grants 2024 sa World Refugee Day (20 Hunyo).

Kinikilala ng World Refugee Day ang lakas at katatagan ng mga refugee, na gaganapin sa Linggo ng Refugee (18 Hunyo – 24 Hunyo 24), ang pinakamataas na taunang aktibidad sa bansa ng Refugee Council of Australia upang ipagdiwang ang mga kontribusyon ng mga refugee sa lipunan ng Australya.

Sinabi ni Minister for Multiculturalism na si Steve Kamper na maraming tao ang hindi nakakaalam na ang kauna-unahang Refugee Week ay inorganisa sa Sydney noong 1986 at ito ay naging isang pandaigdigang pagdiriwang na kinilala ng United Nations noong 2001 makaraan ang dalawang dekadang pag-lobby ng mga tagapagtaguyod nito mula sa Australya.

"Kapag tinatakasan ng mga tao ang pang-aapi o karahasan, kailangan nila ng ligtas na kanlungan kung saan magagawa nilang muling itayo ang kanilang buhay at makamit ang kanilang mga adhikain," sabi ni Minister Kamper.

"Kapag ang mga refugee ay binibigyan ng pinakamahusay na pagkakataon na manirahan sa isang komunidad, hindi lamang sila uunlad, kundi tinutulungan din nila ang kanilang komunidad na umunlad."

Mula 2015, mahigit 35,000 refugee na ang dumating sa NSW mula sa mga bansang kinabibilangan ng Ukraine, Iraq, Syria, Afghanistan, Congo at Myanmar.

Ang programang Multicultural NSW Stronger Together Project Grants 2024 ay naglalayon na suportahan ang mga grassroots na proyekto na magdudulot ng pangmatagalang positibong epekto sa pagkakaisa at matugunan ang pangangailangan ng komunidad.

Ang pagpopondo ng Project Grants ay mula $20,000 hanggang $40,000 para sa mga aktibidad na ihahatid sa pagitan ng 1 Enero hanggang 31 Disyembre 2024.

"Ang aming mga grassroots na organisasyon ay may pinakamabuting kakayahan sa paghahanap ng mga solusyong nakabatay sa lugar sa mga isyu na nakakaapekto sa mga lokal na komunidad," sabi ni Minister Kamper.

“Sa pamamagitan ng pagbuo ng mas malakas, mas nagkakaisang komunidad sa lipunan, namumuhunan tayo sa pinakamalaking asset ng ating estado; ang kanyang mga mamamayan.”

Ang Multicultural NSW ay magpapatakbo ng isang online na sesyon ng impormasyon tungkol sa programa ng Project Grants mula 10.30am sa Miyerkules 28 Hunyo 2023. Ang mga aplikasyon ay magsasara sa 3pm ng Biyernes, 7 Hulyo 2023.

Para alamin ang higit pa, tingnan ang lahat ng mga kahingian sa pagiging kwalipikado at mag-aplay, bisitahin ang: https://multicultural.nsw.gov.au/multicultural-nsw-grants/

Para magparehistro sa online information session, mag-email sa:
grantsinfo@multicultural.nsw.gov.au

**MEDIA:** Jonathan Symons | **Minister Kamper** | 0407 488 158